



“SANA ALL”

Magsilbing

MABUTING PASTOL

P. Sebastian M. Gadia III, SSP

Kapag naririnig natin ang salitang “bokasyon,” ang unang pumapasok sa isip natin ay buhay pagpapari at pagmamadre. Nakakalimutan nating ang buhay pag-aasawa at buhay *single* ay mga uri rin ng bokasyon. Iba-iba ang pagtawag sa atin ng Diyos sa buhay. Ano nga ba ang layunin ng ating Panginoon sa pagtawag sa atin?

Sa ating ebanghelyo, inilarawan sa atin ng ating Panginoong Hesukristo kung ano ang katangian ng isang mabuting pastol. Sinabi ng ating Panginoong Hesus: “Iniaalay ng mabuting Pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa.” Hindi lang ito inilarawan sa atin ng ating Panginoon ngunit isinabuhay niya mismo ito. Sinabi niya: “Ako ang mabuting Pastol... At iniaalay ko ang aking buhay para sa mga tupa.” Makikita natin sa pamumuhay ni Hesus kung paano niya inakay ang mga taong naliligaw ng landas

o mga makasalanan. Para silang tupang walang nagpapastol. Higit sa lahat, ipinakikita ng ating Panginoong Hesus ang pagiging mabuting Pastol na handa mag-alay ng kanyang buhay para sa kanyang mga tupa noong nakabayubay na siya sa krus.

Hindi nagtatapos sa krus ang pagpapastol sa atin ng ating Panginoong Hesukristo. Patuloy niya tayong pinapastol sa katauhan ni San Pedro, at sa kasalukayan, sa katauhan ng ating Santo Papa. Kagaya sa ating unang Pagbasa, ang mensahe sa atin Pedro ay kaligtasan na nagmumula kay Kristo. Ang mga apostol hanggang sa mga lider ng ating simbahan ang mga pinili ng ating Panginoong Hesukristo upang magpastol sa atin sa Pananampalatayang Katoliko-Kristyano. Iisa lamang ang hinahatid nila na mensahe sa atin: Ang ipanagaral na tanging si Kristo lamang ang daan ng ating kaligtasan. Ngunit pinaalalahanan din tayo muli ni San Juan na lahat tayo ay tinawag ng Diyos bilang mga anak ng Diyos. Sa ating unang Pagbasa sinabi ni San Juan: “...

Isipin ninyo kung gaano kalaki ang pag ibig sa atin ng Ama! Tinatawag niya tayong mga anak ng Diyos – at iyan ang totoo.” Kung naniniwala tayong anak tayo ng Diyos, isasabuhay din natin ang katangian ng Diyos, ang katangian ng isang mabuting pastol na handang mag-alay ng kanyang buhay para sa mga tupa.

Mga kapatid, patuloy ang banal na Espiritu sa pagtawag ng mga taong maglilingkod sa Simbahan. May mga taong tinatawag ng Diyos na maging lider ng Simbahan tulad ng buhay sa pagpapari at buhay-relihiyoso. May mga taong tinatawag ng Diyos sa buhay pag-aasawa. May mga taong tinatawag ng Diyos sa buhay pagiging *single*. Ngunit mas mahalagang pagtawag, ang lahat tayo ay may bokasyon maging isang mabuting pastol sa isa’t isa. Ngayong Pandaigdigang Araw ng Panalangin para sa mga bokasyon, inaanyayahan tayong magkaroon ng pusong gaya ng isang mabuting pastol na handang mag-alay ng buhay para sa kanyang mga tupa. Patuloy nating ipanalangin na “Sana All,” magsilbing mabuting pastol.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok (Slm 33:5-6)
(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Pag-ibig ng D'yos na tapat sa daigdig ay laganap. Sa salita n'ya'y natatag kalangitan sa itaas. Aleluya ay ihayag.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P — Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.

B — At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag.)

P — Ipinagdiriwang natin ngayon ang **Linggo ng Mabuting Pastol**. Si Hesus ang Mabuting Pastol. Bilang kanyang mga tupa, tayo ay inaanyayahang dinggin ang kanyang tinig na patuloy na tumatawag sa atin pabalik sa kanya. Ang kanyang pag-aalay ng sarili at Muling Pagkabuhay ay mga tanda ng kanyang pagmamahal sa atin. Inaakay niya tayo sa kaganapan ng buhay. Idalangan natin sa misang ito ang mga kapatid nating napapariwara ng tinig. Dinggin nawa nila ang tinig ng Mabuting Pastol, na maghahatid sa kanila sa mainam na pastulan.

Pagsisisi

P — Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

B — Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos, at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala *(dadagok sa dibdib)* sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.

P — Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patrubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B — Amen.

P — Panginoon, kaawaan mo kami.

B — Panginoon, kaawaan mo kami.

P — Kristo, kaawaan mo kami.

B — Kristo, kaawaan mo kami.

P — Panginoon, kaawaan mo kami.

B — Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P - Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, akayin mo kami upang kami'y mapabilang sa mga maliligayang kapiling mo sa kalangitan upang sa pagsunod namin bilang abang kawan kami'y makarating sa sinapit ng pastol na idinangal na siyang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa (Gawa 4:8-12)
(Umupo)

Binibigyang-diin ni Pedro sa mga pinuno ng Israel na ang kapangyarihang magpagaling ay buhat kay Hesukristong taga-Nazaret, ang batong itinakwil ngunit naging panulukan.

Pagbasa mula sa mga Gawa ng mga Apostol

NOONG mga araw na iyon, nagsalita si Pedro, na puspos ng Espiritu Santo: "Mga pinuno, at matatanda ng bayan, kung sinisiyasat ninyo kami ngayon tungkol sa kabutihang ginawa namin sa lumpong ito at kung paano siya gumaling, talastasin

ninyong lahat at ng buong Israel na ang taong ito'y nakatindig sa inyong harapan at lubusang gumaling dahil sa kapangyarihan ng pangalan ni Hesukristong taga-Nazaret. Siya'y inyong ipinako sa krus, ngunit muling binuhay ng Diyos. Ang Hesus na ito 'Ang batong itinakwil ninyong mga tagapagtayo ng bahay ang siyang naging batong panulukan.'

Kay Hesukristo lamang mata-tagpuan ang kaligtasan, sapagkat sa silong ng langit, ang kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao."



— Ang Salita ng Diyos.

B — Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 117)

T — Batong dating tinanggiha'y siya pang naging saligan.

R. Jacob



1. O pasalamatan ang Diyos na Panginoon, pagkat siya'y mabuti;/ ang kanyang pag-ibig ay napakatatag at mananatili./ Mabuting di hamak na doon sa Poon magtiwala ako,/ kaysa panaligan yaong mga tao./ Higit ngang mabuting ang pagtiwala sa Poo'y ibigay,/ kaysa pamunuan ang ating asahan. **(T)**

2. Aking pinupuri Ikaw, Panginoon, yamang pinakinggan,/ dininig mo ako't pinapagtagumpay./ Ang batong natakwil ng nangagtatayo ng tirahang-bahay,/ sa lahat ng bato'y higit na mahusay./ Ang lahat ng ito ang nagpamalas ay ang Panginoong Diyos/ kung iyong mamasdan ay kalugud-lugod! **(T)**

3. Ang pumaparito sa ngalan ng Poon ay pagpapalain;/ magmula sa templo mga pagpapala'y kanyang tatanggapin!/
Ikaw ay aking Diyos,/ kaya naman ako'y nagpapasalamat;/ ang pagkadakila mo ay ihahayag./
O pasalamatan ang Diyos na

Poon, pagkat siya'y mabuti;/ ang kanyang pag-ibig ay napakatatag at mananatili. (T)

Ikalawang Pagbasa (1 Jn 3:1-2)

Ipinaaalala ni Juan na kung mananatili tayong tapat hanggang wakas, matatamo natin ang pangakong kaluwalhatian katulad ng ibinigay kay Hesukristo.

Pagbasa sa unang sulat ni Apostol San Juan

MGA PINAKAMAMAHAL: Isipin ninyo kung gaano kalaki ang pag-ibig sa atin ng Ama! Tinatawag niya tayong mga anak ng Diyos— at iyan ang totoo. Ito ang dahilan kung bakit hindi tayo nakikilala ng mga makasanlibutan; hindi nila kinikilala ang Diyos. Mga minamahal, sa ngayon, tayo'y mga anak ng Diyos, ngunit hindi pa nahahayag ang magiging kalagayan natin. Gayunman, alam nating sa pagparitong muli ni Kristo, tayo'y matutulad sa kanya, sapagkat makikita natin siya sa kanyang likas na kalagayan.

— Ang Salita ng Diyos.

B — Salamat sa Diyos.

Aleluya (Jn 10:14)

B — Aleluya! Aleluya! Ako'y pastol na butihin kilala ko'ng tupang akin; ako'y kilala nila rin. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Jn 10:11-18)

P — Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

B — Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon: sinabi ni Hesus, "Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa. Ang upahan ay tumatakas, kapag nakikitang dumarating ang asong-gubat. Iniiwan niya ang mga tupa, palibhasa'y hindi siya pastol at hindi kanya ang mga tupa. Kaya't sinisila ng asong-gubat ang mga ito, at pinangangalat. Tumatakas siya palibhasa'y upahan lamang at walang malasakit sa mga tupa. Ako ang mabuting pastol. Kung paanong nakikilala ako ng Ama at siya'y nakikilala ko, gayon din naman, nakikilala ko ang aking mga tupa at ako nama'y

nakikilala nila. At iniaalay ko ang aking buhay para sa mga tupa. Mayroon akong ibang tupa na wala sa kulungang ito. Kinakailangang sila'y alagaan ko rin; pakikinggan nila ang aking tinig. Sa gayo'y magiging isa ang kawan at isa ang pastol.

"Dahil dito'y minamahal ako ng Ama, sapagkat iniaalay ko ang aking buhay, upang ito'y kunin kong muli. Walang makakukuha nito sa akin; kusa ko itong ibinibigay. Mayroon akong kapangyarihang ibigay ito at kunin uli. Ito ang utos na tinanggap ko sa aking Ama."

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B — Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (Umupo)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (Tumayo)

B — Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa. Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao. Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P — Manalangin tayo sa Ama, ang Dakilang Pastol nang may pagtitiwala sa kanyang pag-ibig sa atin:

T — Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

L — Para sa Santo Papa, mga obispo, pari, diyakono, at relihiyoso: Patuloy nawa silang

maging tapat na pastol ng kawan ni Kristo. Manalangin tayo: (T)

L — Para sa mga namumuno sa ating lipunan: Matularan nawa nila ang halimbawa ni Kristo, ang Mabuting Pastol, na laging kapakanan ng lahat ang hangad. Manalangin tayo: (T)

L — Para sa mga naliligaw ng landas dahil sa kasalanan: Masundan nawa nila ang tinig ni Hesus na muling nabuhay upang maakay sila sa landas tungo sa buhay na walang hanggan. Manalangin tayo: (T)

L — Para sa mga maysakit: Madama nawa nila ang pagmamalasakit ng Diyos sa pamamagitan ng mga nangangalaga sa kanila. Manalangin tayo: (T)

L — Para sa mga yumao: Makamtan nawa nila ang kaningningang walang maliw sa piling ng Diyos. Manalangin tayo: (T)

L — Sa ilang sandali ng katahimikan, amin ding idinadalangin ang iba pang mga pangangailangan ng aming pamayanan pati na rin ang aming pansariling kahilingan (*Tumahimik*). Manalangin tayo: (T)

P — Ama, ginagabayan mo kami sa matuwid na landas. Bigyan mo kami ng kapanatagan pagtugon mo sa mga panalanging aming hinihiling sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B - Amen.



Paghahain ng Alay (Tumayo)

P — Manalangin kayo...

B — Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P — Ama naming Lumikha, ipagkaloob mong kami ay magalak sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay ng iyong Anak upang ang ginagawang patuloy na pagsagip sa amin ay maging sanhi ng aming ligayang walang maliw sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

Prepasyo (Pagkabuhay IV)

P — Sumainyo ang Panginoon.
B — At sumaiyo rin.
P — Itaa sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B - Itinaas na namin sa Panginoon.
P — Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamanan.
P — Ama naming makapang-yarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamanan ngayong ipinagdiriwang ang paghahain ng Mesiyas, ang maamong tupa na tumubos sa aming lahat.

Siya'y talagang maaasahan at ang katapatan niya sa pananagutan ay siyang bumago sa dating pamumuhay sa sangkatauhan namihasa sa pagkasalawahan. Ang dangal ng tao ay ganap na itinampok upang mamana namin sa pakikipagkapatid kay Hesus.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B - Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparrito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa kaitaasan! (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B — Aming ipinahahayag na namatay ang iyong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas upang mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B — Ama namin...

P — Hinihiling naming...

B — Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang (Lumuhod)

P — Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B — Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon

Aleluya, nabuhay din ang Pastol nating butihing namatay para



SAMBUHAY MISSION APPEAL

Be a mission partner for Sambuhay!



Sambuhay Misalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Misalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

Contact details

88959701 to 04 loc. 607 88953416

sambuhay.missalette@gmail.com marketing@stpauls.ph

Facebook.com/sambuhaymisalettePH Facebook.com/sambuhay.missalette

sa atin. Sarili n'ya'y inihain upang tayo ay buhayin.

Panalangin Pagkapakinabang (Tumayo)

P - Manalangin tayo. (Tumahimik) Ama naming mapagmahal, ikaw ang butihing Pastol na nagtataguyod sa amin kaya't kaming kawan mo ay iyong tangkilikin. Pakundangan sa dugo ng Anak mong dumanak upang kaming lahat ay iyong mailigtas marapatin mong kami'y makarating sa pastulan na inilalaan mo sa amin ngayon at kailanman sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B - Amen.

PAGTATAPOS

P - Sumainyo ang Panginoon.
B - At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P - Magsiyuko kayo at hingin ang pagpapala ng Diyos. (Tumahimik)

Ang Diyos na tumubos at kumupkop sa inyo pakundangan sa Pagkabuhay ni Hesuskristo ay siya nawang magpala sa inyo ng kaligayahang magpasawalang hanggan.

B - Amen.

P - Kayong pinagkalooban ng Manunubos ng walang maliw

na kalayaan ay pagkamtin nawa niya ng kanyang pamanang buhay na walang hanggan.

B - Amen.

P - Dahil kayo ay kaisa niyang bumangon mula sa kamatayan pakundangan sa pananampalataya at binyag, kayo nawa'y makatambal ng mga nasa kalangitan pakundangan sa inyong mabuting pamumuhay ngayon at magpasawalang hanggan.

B - Amen.

P - Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B - Amen.

Pangwakas

P - Tapos na ang Banal na Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalina paglingkuran.

B - Salamat sa Diyos.

DO YOU WANT TO SUBSCRIBE TO SAMBUHAY DIGITAL MISSALETTE?

For inquiries and orders:

Fb: Sambuhay Misalette

E-mail: Sambuhay@stpauls.ph

Tel.: (02) 8895-9701